

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominationibus cumque omni militia coeléstis exercitus hymnum glóriæ tuæ cānimus, sine fine dicétes. — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 95:2

CANTATE Dómino, allelúja: cantáte Dómino et benedicite nomen ejus: bene nuntiáte de die in diem salutáre ejus, allelúja, allelúja.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

TRIBUE nobis, Dómine, cæléstis mensæ virtúte satiátis: et desideráre, quæ recta sunt, et desideráta percípere. Per Dominum.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

UMAWIT kayo sa Poong Mahal, aleluya. Umawit kayo sa kaniya at purihin ang kaniyang ngalan: ihayag ninyo sa araw-araw ang Kaniyang ginawang pagliligtas, aleluya, aleluya!

PANGINOON, kaming mga binusog mo sa banal na hapag na ito ay pagkalooban mo ng naisin ang mga bagay na matuwid at tanggapin ang aming mga hinahangad. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalín

VIGILIA NG PISTA NG PAG-AKYAT NI JESUS SA LANGIT

Misa “*Vocem iucunditatis*”

• II cl. • Doble • Puti

Ang ikatlong araw na ito ng Rogativas Menor ay ang Vigilia ng Pista ng Pag-akyat ni Jesus sa Langit. Sa mga simbahan kung saan hindi ginaganap ang prusisyon para sa Rogativas ngayon, ang Misa na ito ang gagamitin at gugunitain ang Rogativas. Kung may prusisyon naman, ang pagmimisa ay ang sa Rogativas subalit gugunitain naman ang Vigilia.

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Is 48:20

VOCEM iucunditátis annuntiáte, et audiátur, allelúja: annuntiáte usque ad extrémum terræ: liberávit Dóminus pópulum suum, allelúja, allelúja. — *Ps 65:1-2* Jubilate Deo, omnis terra, psalmum dicite nómini ejus: date glóriam laudi ejus. *V.* Gloria Patri. Vocem iucunditatis.

IHAYAG ninyong buong galak na masaya't may tuwaan, at kanilang pakinggan, aleluya! Siya'y itanyag ninyo hanggang sa mga dulo ng daigdig: “Tinubos ng Dios ang kaniyang bayan”, aleluya, aleluya! — *Salmo 65:1-2* Buong galak kayong sumigaw sa Diyos, kayong lahat na nasa lupa. Umawit kayo sa kaniyang ngalan, at luwalhatiin ninyo siya. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ihayag ninyo...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, a quo bona cuncta procedunt, largíre supplicibus tuis: ut cogitémus, te inspiránte, quæ recta sunt; et, te gubernánte, éadem faciámus. Per eundem Dominum.

O DIOS, ikaw ang pinagmumulan ng tanang kabutihan. Pagbigyan mo ang aming kahilingan, na sa iyong patnubay, maisaisip namin ang mga bagay na matuwid at gawin ito sa tulong ng iyong pag-akay. Alang-alang sa Anak mo, si Hesukristong Panginoon namin...

Sa mga Misa ngayon, idaragdagag ang panalangin Laban sa Kaaway ng Simbahan; o ‘di kaya’y “Para sa Santo Papa.”

SULAT • Ef 4:7-13

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso.

MGA KAPATID: Ang bawat isa sa ati'y nakatanggap ng tanging kaloob, ayon sa sukat na ibinigay ni Cristo. Ganito ang sinasabi ng kasulatan: “*Nang umakyat siya sa kalangitan, nagdala siya ng maraming bihag, at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.*” Anong ibig sabihin ng “umakyat siya”?

Ang ibig sabihin niyan ay bumabâ muna siya sa mga kailalimang bahagi ng lupa. Ang bumabâ ay siya rin namang umakyat sa kaitaasan ng kalangitan upang mapuno ng kanyang presensya ang buong sangnilikha. At binigyan niya ang ilan ng kaloob upang maging mga apostol, ang iba nama'y mga propeta, ang iba'y mga ebanghelistâ, at ang iba'y mga pastor at mga guro. Ginawa niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang lahat ng mga hinirang, upang maging matatag ang katawan ni Cristo, hanggang makarating tayo sa pagkakaisa ng pananampalataya at pagkakilala sa Anak ng Diyos, at maging ganap ang ating pagkatao ayon sa pagiging-ganap ni Cristo. — **R. Salamat sa Dios.**

DAKILANG ALELUYA • Jn 16:28

Allelúia, allelúia. *V.* Surrexit Christus, et illúxit nobis, quos rédemit ságuine suo.

Allelúia. *V.* Exívi a Patre, et veni in mundum: íterum relínquo mundum, et vado ad Patrem. **Allelúia.**

Aleluya, aleluya! *V.* Si Kristo ay nabuhay na mag-uli. Siya'y nagpakita sa atin, at tayo'y tinubos ng kaniyang Dugo.

Aleluya! *V.* Nagmula ako sa Ama, at naparito sa mundo. Iiwan ko muli ang mundo at babalik sa Ama. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Jn 17:1-11

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHOONG IYON: Tumingala si Jesus sa langit at kanyang sinabi, “Ama, dumating na ang oras; luwalhatiin mo ang iyong Anak upang luwalhatiin ka niya. Sapagkat binigyan mo siya ng kapangyarihan sa lahat ng tao upang bigyan niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay mo sa kanya. At ito ang buhay na walang hanggan: ang makilala ka nila na iisang tunay na Diyos, at si Jesu-Cristo na iyong isinugo. Inihayag ko dito sa lupa ang iyong kaluwalhatian; natapos ko na ang ipinapagawa mo sa akin. Kaya, Ama, ipagkaloob mo sa akin ngayon sa iyong harapan ang kaluwalhatian taglay ko sa piling mo bago pa likhain ang sanlibutan. Ipinahayag ko na kung sino ka sa mga taong ibinigay mo sa akin mula sa sanlibutan. Sila'y iyo at ibinigay mo sila sa akin, at tinupad nila ang iyong salita. Alam na nila na ang lahat ng ibinigay mo sa akin ay mula sa iyo; dahil ibinigay ko sa kanila ang mga salitang ibinigay mo sa akin, at tinanggap nila. Natitiyak nilang ako'y tunay na galing sa iyo, at naniniwala silang ikaw nga ang nagsugo sa akin. Idinadalangin ko sila; hindi ang sanlibutang ito ang idinadalangin ko, kundi ang lahat ng ibinigay mo sa akin, sapagkat sila'y sa iyo. Ang lahat ng sa akin ay sa iyo, at ang lahat ng sa iyo ay sa akin; at naluluwalhati ako sa pamamagitan nila.

At ngayon, ako'y papunta na sa iyo; iniiwan ko na ang sanlibutang ito, ngunit sila ay nasa sanlibutan pa. Amang banal, ingatan mo po sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng iyong pangalan, ang pangalang ibinigay mo sa akin, upang kung paanong ikaw at ako ay iisa, gayundin naman sila'y maging isa. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 65:8-9, 20

BENEDICITE, gentes, Dóminum, Deum nostrum, et obaudíte vocem laudis ejus: qui pósuit ánimam meam ad vitam, et non dedit commovéri pedes meos: benedíctus Dóminus, qui non amóvit deprecationem meam et misericórdiam suam a me, allelúja.

PURIHIN NINYO ang Panginoon nating Dios, kayong lahat na mga bansa! At iparinig ninyo ang tinig ng kaniyang kapurihan. Siya ang umakay sa aking kaluluwa sa mga buhay at hindi Niya hinahayaang maano ang ating mga nilalakaran! Purihin natin ang Panginoon, na pinakinggan ang aking panalangin at nagmadlang-awa sa akin, aleluya!

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SUSCIPE, Dómine, fidélium preces cum oblatiónibus hostiárum: ut, per hæc piæ devotiónis officia, ad coeléstem glóriam transeámus. Per Dominum.

TANGGAPIN mo, Panginoon, ang mga panalangin at alay ng iyong bayan. Sa ginaganap naming pagdiriwang na ito nang may banal na pamimintuho, kami'y makatawid sa kaluwalhatian. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG MULING PAGKABUHAY

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, Te quidem, Dómine, omni témpore, sed in hac potíssimum die gloriósius prædicáre, cum Pascha nostrum immolátus est Christus.

Ipsa enim verus est Agnus, qui abstulit peccáta mundi. Qui mortem nostram moriéndó destrúxit et vitam resurgéndó reparávit.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoon, lalo na ngayong inialay na si Kristo na aming Cordero Pascual.

Sapagkat siya ang tunay na Kordero na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Sa kaniyang pagkamatay ay nagtagumpay siya sa kamatayan. Sa kaniyang muling pagkabuhay ay ibinalik sa amin ang buhay ng grasya.